COUNTY NG SAN DIEGO

MGA BALITANG PAHAYAGAN

PARA SA MADALIANG PAHAYAGAN
Ika-27 ng Agosto, 2021
Kontak: Juanito Amor Jr. (858) 505-7257

SA IKA-30 NG AGOSTO ANG DEADLINE UPANG MAGPAREHISTRO PARA MAKABOTO

Kung hindi pa kayo nakapagparehistro para makaboto para sa Ika-14 ng Setyembre na Gubernatoryal na Recall na Eleksyon sa California at nais bumoto sa pamamagitan ng koreo, kailangan ninyong magparehistro sa Lunes, Ika-30 ng Agosto. Kung hindi man, kakailanganin ninyong pumunta ng in-person sa opisina ng Tagapagrehistro, o saan mang lokasyon ng pagboto, para magparehistro ng kundisyonal at bumoto ng probisyonal.

Kakailanganin ninyong magparehistro o muling-magparehistro para makaboto kung kayo ay:

- hindi nakarehistro sa County ng San Diego
- lumipat kamakailan
- nagbago ng inyong pangalan

Hindi sigurado kung kayo ay nakarehistro para makaboto? I-check ang inyong status ng rehistrasyon sa online sa sdvote.com. Kung hindi kayo nakarehistro o kailangan palitan ang inyong rehistrasyon, maaari ninyong kumpletuhin ang isang porma ng rehistrasyon sa online.

Kung ang inyong pirma ay nakumpirma sa pamamagitan ng mga record ng Department of Motor Vehicles, ito ay awtomatikong ipapadala sa opisina ng Tagapagrehistro. Kung ang inyong pirma ay hindi nakumpirma, maaari ninyong i-print ang porma, pirmahan ito at ibalik ito sa opisina ng Tagapagrehistro ng ika-5 ng hapon sa Ika-30 ng Agosto.

Kung kayo ay walang access sa isang computer, ang mga porma ng rehistrasyon ay available din sa opisina ng Tagapagrehistro ng mga Botante o sa mga opisina ng U.S. Postal Service, City Clerk, mga pampublikong library, at sa Department of Motor Vehicles. I-check ang bawat lokasyon bago kayo pumunta para siguraduhing sila ay bukas.

Para sa mga botanteng nangangailangan ng tulong sa wika, available din ang mga materyales sa eleksyon sa Spanish, Filipino, Chinese at Vietnamese.

Ang mga porma ng rehistrasyon ay dapat may postmark o maipadala sa Tagapagrehistro sa Ika-30 ng Agosto. Ang opisina ng Tagapagrehistro ng mga Botante ay magbubukas hanggang ika-5 ng hapon sa araw na iyon. Ang mga botante ay maaari ring magparehistro sa online hanggang hatinggabi.

COUNTY NG SAN DIEGO

MGA BALITANG PAHAYAGAN

PARA SA MADALIANG PAHAYAGAN
Ika-27 ng Agosto, 2021
Kontak: Juanito Amor Jr. (858) 505-7257

Kung hindi kayo nakaabot sa deadline para magparehistro, maaari pa rin kayong magparehistro nang kondisyonal at bumoto nang probisyonal hanggang sa Araw ng Eleksyon.

Ang maagang pagboto ay nagaganap na sa opisina ng Tagapagrehistro sa Kearny Mesa. Ang mga botante ay maaaring botohan ang kanilang mga balota doon mula Lunes hanggang Biyernes, ika-8 ng umaga hanggang ika-5 ng hapon.

Para sa karagdagang kaalaman tungkol sa pagboto sa paparating na recall na eleksyon, bisitahin ang sdvote.com o tumawag sa (858) 565-5800.

###

COUNTYNEWSCENTER